Lungsod ng Fullerton - Serbisyo sa Tubig

PATAKARAN SA PAGTIGIL NG SERBISYO SA TUBIG SA TAHANAN

(Batas sa Proteksyon mula sa Pagputol ng Tubig ayon sa SB 998)

Pinagtibay ng Resolusyon Blg. 2025-044 ng Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng Fullerton noong Agosto 19, 2025

Noong Setyembre 2018, inaprubahan ang Panukalang Batas Blg. 998 ng Senado para idagdag ang Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 116900) hanggang sa Bahagi 12 ng Dibisyon 104 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California (California Health and Safety Code, CHSC), na may kaugnayan sa tubig. Kilala ang kabanatang ito bilang **Batas sa Proteksyon mula sa Pagputol ng Tubig (Batas)**. Bilang tagapagtustos ng tubig sa lungsod na hindi kinokontrol ng Komisyon ng Pampublikong Serbisyo, ang Serbisyo ng Tubig ng Lungsod ng Fullerton ay susunod sa kabanatang ito sa at pagkalipas ng Pebrero 1, 2020. Nalalapat lang ang Batas sa Proteksyon mula sa Pagputol ng Tubig sa mga account na residensyal. Isa sa mga kinakailangan ng Batas ay ang paglikha ng Serbisyo ng Tubig ng Lungsod ng Fullerton (Serbisyo ng Lungsod) ng patakaran sa Pagtigil ng Serbisyo ng Tubig sa Tahanan (Patakaran) na dapat ilapat sa lahat ng account ng Lungsod para sa serbisyo ng tubig na **pangresidensyal** pero hindi dapat ilapat ito sa anumang account para sa serbisyong hindi para sa tahanan. Sa lawak na ang Patakarang ito ay sumasalungat sa anumang iba pang panuntunan, regulasyon, o patakaran ng Lungsod, ang Patakarang ito ang mangunguna.

I. PAGPAPATUPAD NG PATAKARAN

Naglilista ang Patakaran ng mga administratibong aksyon ng Serbisyo ng Lungsod para sa koleksyon ng mga hindi nabayarang account, kabilang ang mga abiso, pagtatalaga ng bayarin at pagtigil ng serbisyo. Available ang Patakarang ito sa website ng Lungsod sa www.cityoffullerton.com. Para sa mga tanong o tulong tungkol sa mga utility bill, maaaring tawagan ang Dibisyon ng mga Serbisyong Utilidad ng Lungsod sa (714) 738-6890.
Maaari ding bumisita ang mga customer sa Dibisyon ng mga Serbisyong Utilidad ng Lungsod na matatagpuan sa 303 W. Commonwealth Avenue, Fullerton, CA 92832 nang personal mula Lunes hanggang Huwebes at tuwing ikalawang Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., maliban sa mga holiday ng Lungsod at mga araw ng pagsasara.

Ang mga utility bill ay babayaran sa Lungsod nang isang beses bawat dalawang buwan o sa iba pang dalas na itinakda ng Konseho ng Lungsod. Dapat bayaran ang lahat ng utility bill sa serbisyo ng tubig bago matapos ang oras ng negosyo sa takdang petsa ng pagbabayad na nakalista sa utility bill. Ang anumang utility bill na hindi nabayaran sa loob ng nasabing panahon ay itinuturing na delingkuwente at magsisimulang magkaroon ng mga singil sa pagkaantala.

II. MGA KINAKAILANGAN SA PATAKARAN

Alinsunod sa Seksyon 116906 ng CHSC, dapat magkaroon ang Serbisyo ng Lungsod ng nakasulat na patakaran sa pagtigil ng serbisyo sa tahanan dahil sa hindi pagbabayad na available sa Ingles, Espanyol, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Korean, at anumang iba pang wika na sinasalita ng hindi bababa sa sampung porsyento (10%) ng mga taong naninirahan sa lugar ng serbisyo nito. Dapat isama sa patakarang ito ang mga sumusunod:

- isang plano para sa mga ipinagpaliban o nabawasang bayad;
- mga alternatibong iskedyul ng pagbabayad;
- isang pormal na mekanismo para makapagreklamo o umapela ang mga customer sa mga singil sa tubig sa isang utility bill; at
- isang numero ng telepono para sa pakikipag-ugnayan ng customer para talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagtigil ng serbisyo ng tubig sa tahanan dahil sa hindi pagbabayad.

Available ang patakarang ito sa website ng Lungsod.

III. PAGTIGIL NG SERBISYO NG TUBIG DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD

Alinsunod sa Seksyon 116908 ng CHSC, hindi dapat itigil ng Serbisyo ng Lungsod ang serbisyo sa tahanan nang dahil sa hindi pagbabayad hangga't hindi nadedelingkuwente ang pagbabayad ng customer nang hindi bababa sa animnapung (60) araw sa kalendaryo. Makikipag-ugnayan ang Serbisyo ng Lungsod sa customer nang hindi bababa sa pitong (7) araw ng negosyo bago ang pagtigil ng serbisyo ng tubig. Dapat ilapat ang mga sumusunod na panuntunan sa koleksyon ng hindi nababayarang account:

A. Abiso sa Pagkadelingkuwente

Kung hindi natanggap ang bayad para sa isang bill sa pagtatapos ng oras ng negosyo sa petsa ng takdang pagbabayad ng bill, may ipapataw na karagdagang singil sa pagkaantala. Ipapakita sa bill ang takdang petsa ng pagbabayad at balanse kasama ang singil sa pagkaantala. Kapag ang isang bayarin ay naging delingkuwente, ang Serbisyo ng Lungsod, alinsunod sa Seksyon 116908 ng CHSC, ay magbibigay sa customer na responsable para sa pagbabayad ng bill (ayon sa tinukoy sa Panuntunan 1 ng Mga Rate, Panuntunan at Regulasyon sa Tubig ng Lungsod ng Fullerton) ng isang abiso ng pagiging delingkuwente na nagsasaad na ititigil ang serbisyo ng tubig pagkatapos ng animnapung (60) araw sa kalendaryo. Ipapadala ang abiso ng pagiging delingkuwente sa mailiing address na itinalaga sa account. Kung magkaiba ang mailing address at ang address ng ari-arian kung saan ibinibigay ang serbisyo ng tubig, isang pangalawang abiso ang ipapadala sa address ng serbisyo na ipapadala sa "Naninirahan". Responsibilidad ng customer na magbigay ng napapanahong impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa Serbisyo ng Lungsod.

B. Mga Alternatibong Kaayusan sa Pagbabayad;

Alinsunod sa Seksyon 116906 at 116910 ng CHSC, ang sinumang customer, kabilang ang nangungupahan sa customer, na hindi makabayad para sa serbisyo ng tubig sa loob ng regular na panahon ng pagbabayad ay maaaring humiling ng alternatibong kaayusan sa pagbabayad para maiwasan ang mga singil sa pagkaantala at iba pang bayarin sa koleksyon na dulot ng hindi pagbabayad ng regular na bayarin o pagkagambala ng serbisyo.

Mag-aalok ang Serbisyo ng Lungsod sa customer ng isa o higit pa sa mga sumusunod na opsyon, na pipiliin ng Serbisyo ng Lungsod ayon sa sariling pagpapasya nito:

1. isang pagpapalawig ng kasalukuyang takdang petsa ng pagbabayad;
2. amortisasyon ng hindi nabayarang balanse;
3. mga alternatibong iskedyul ng pagbabayad; o
4. pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad.

Pipiliin ng Dibisyon ng mga Serbisyong Utilidad ng Lungsod ang pinakaangkop na opsyon sa pagbabayad, nang isinasaalang-alang ang mga pangangailangan ng Serbisyo ng Lungsod. Mangangailangan ang alternatibong kaayusan sa pagbabayad ng lingguhang pagbabayad at hindi lalampas sa maximum na labindalawang (12) buwan na lingguhang pagbabayad maliban kung aaprubahan ng Ingat-Yaman ng Lungsod o ng kanyang itinalaga.

Kapag natapos na ang pagsusuri ng Lungsod, ang Serbisyo ng Lungsod ay:

1. aabisuhan ang customer tungkol sa alternatibong kaayusan sa pagbabayad na pinili ng Serbisyo ng Lungsod at hihilingin sa customer na ibalik ang nilagdaang kasunduan sa kaayusan sa pagbabayad; o
2. hihiling ng karagdagang impormasyon mula sa customer.

Dapat sumunod ang customer sa mga tuntunin ng inaprubahang Kasunduan sa Kaayusan sa Pagbabayad at manatiling napapanahon sa mga kasunod na utility bill habang nagkakaroon ng mga singil sa bawat kasunod na panahon ng pagsingil. Hindi maaaring humiling ang customer ng karagdagang alternatibong kaayusan sa pagbabayad para sa anumang kasunod na hindi nabayarang singil habang nagbabayad alinsunod sa Kasunduan sa Kaayusan sa Pagbabayad.

Maaaring itigil ng Serbisyo ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung nabigo ang isang customer na nabigyan ng alternatibong kaayusan sa pagbabayad sa ilalim ng seksyong ito ng Patakaran (III.B.) na gawin ang alinman sa mga sumusunod sa loob ng animnapung (60) araw sa kalendaryo o higit pa:

a) bayaran ang kanyang hindi nabayarang singil sa panahon ng pinalawig na panghuling takdang petsa ng pagbabayad;
b) bayaran ang anumang halaga ng amortisasyon na dapat bayaran ayon sa iskedyul ng amortisasyon;
c) bayaran ang anumang halagang dapat bayaran sa ilalim ng iskedyul ng alternatibong kaayusan sa pagbabayad; o
d) bayaran ang kanyang kasalukuyang singil para sa serbisyo ng tubig.

Magpapaskil ang Serbisyo ng Lungsod ng panghuling abiso ng layuning putulin ang serbisyo sa kitang-kita at kapansin-pansing lokasyon sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo bago ang pagtigil ng serbisyo. Ang panghuling abiso ay hindi magbibigay ng karapatan sa customer sa anumang imbestigasyon, kaayusan sa pagbabayad, o pagsusuri ng Serbisyo ng Lungsod.

C. Abiso para sa Pagtigil ng Serbisyo ng Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad

Hindi ititigil ng Serbisyo ng Lungsod ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad hanggang sa ang pagbabayad ng customer ay nadelingkuwente nang hindi bababa sa animnapung (60) araw sa kalendaryo. Magbibigay ang Serbisyo ng Lungsod ng abiso sa customer ng hindi bababa sa pitong (7) araw ng negosyo, bago ang pagputol ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad.

1. Ipapadala ang abiso sa pagdiskonekta sa mailing address na itinalaga sa account. Kung magkaiba ang mailing address at ang address ng ari-arian kung saan ibinibigay ang serbisyo ng tubig, isang pangalawang abiso ang ipapadala sa address ng serbisyo na ipapadala sa "Naninirahan." Maglalaman ang unang nakasulat na abiso sa pagdiskonekta ng:

    a. Pangalan at address ng customer;
    b. Halagang hindi nabayaran sa takdang petsa ng pagbabayad;
    c. Petsa kung kailan kinakailangan ang pagbabayad o alternatibong kaayusan sa pagbabayad para maiwasan ang pagtigil ng serbisyo;
    d. Isang paglalarawan ng proseso para sa pagreklamo o pag-apela sa mga singil sa tubig sa isang utility bill; at
    e. Isang paglalarawan ng pamamaraan para humiling ng alternatibong kaayusan sa pagbabayad kabilang ang numero ng telepono at address ng website kung saan maaaring tumawag ang customer para makatanggap o makakuha ng karagdagang impormasyon mula sa Serbisyo ng Lungsod.

2. Abiso para sa mga Nangungupahan/Naninirahan sa Tahanang may Indibidwal na Metro (Seksyon 116916 (a) hanggang (e) ng CHSC

    Gagawa ang Serbisyo ng Lungsod ng makatuwiran at tapat na pagsisikap na ipaalam sa mga Nangungupahan/Naninirahan (na tinutukoy dito bilang “mga Naninirahan”), sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, kapag ang account sa serbisyo ng tubig ay nadelingkuwente at napapailalim sa pagdiskonekta nang hindi bababa sa sampung (10) araw sa kalendaryo bago ang paghinto ng serbisyo ng tubig. Ipapabatid ng nakasulat na abiso sa Naninirahan na mayroon siyang karapatang maging customer ng Serbisyo ng Lungsod nang hindi kinakailangang bayaran ang halagang dapat bayaran sa hindi nabayarang account, basta't handa siyang akuin ang responsibilidad sa pananalapi para sa mga kasunod na singil para sa serbisyo ng tubig sa address na iyon. Para maging customer ng Serbisyo ng Lungsod ang Naninirahan, dapat magbigay ang Naninirahan ng beripikasyon ng paninirahan sa anyo ng kasunduan sa pag-upa o patunay ng mga pagbabayad sa upa, at bayaran ang kinakailangang deposito.

3. Abiso para sa mga Nangungupahan/Naninirahan sa Isang Maramihang Yunit na Complex na Pinagsisilbihan sa pamamagitan ng Master Meter (Seksyon 116916 (a) (1) at (2) ng CHSC)

   Gagawa ang Serbisyo ng Lungsod ng makatuwiran at tapat na pagsisikap na ipaalam sa mga Nangungupahan/Naninirahan (na tinutukoy dito bilang "mga Naninirahan"), sa pamamagitan ng nakasulat na abiso sa bawat tahanan, kapag ang account sa serbisyo ng tubig ay nadelingkuwente at napapailalim sa pagdiskonekta nang hindi bababa sa pitong (7) araw sa kalendaryo bago ang paghinto ng serbisyo ng tubig. Ipapabatid ng nakasulat na abiso sa Naninirahan na mayroon siyang karapatang maging customer ng Serbisyo ng Lungsod nang hindi kinakailangang bayaran ang halagang dapat bayaran sa hindi nabayarang account, basta't handa siyang akuin ang responsibilidad sa pananalapi para sa mga kasunod na singil para sa serbisyo ng tubig sa (mga) address na pinagsisilbihan ng master meter at matugunan ang lahat ng iba pang bagong kinakailangan sa account. Kung handa at may kakayahang akuin ng isa o higit pang Naninirahan ang responsibilidad para sa mga kasunod na singil sa serbisyo ng tubig na naaayon sa kasiyahan ng Serbisyo ng Lungsod, o kung mayroong pisikal na paraan na legal na magagamit ng Serbisyo ng Lungsod, ng pagpili ng pagputol ng serbisyo sa mga Naninirahan na hindi nakakatugon sa mga kinakailangan para sa serbisyo, gagawin ng Serbisyo ng Lungsod na magagamit ang serbisyo sa mga Naninirahan na nakakatugon sa mga kinakailangan at nagbabayad ng kinakailangang deposito.

   Ayon sa Seksyon 116908(a)(2) ng CHSC, kung hindi makontak ng Serbisyo ng Lungsod ang customer, o isang nasa hustong gulang na nakatira sa tirahan, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso (halimbawa, ibinalik bilang hindi maihatid ang nakasulat na abiso sa pagdiskonekta sa pamamagitan ng mail) o sa pamamagitan ng telepono, gagawa ang Serbisyo ng Lungsod ng makatuwiran at tapat na pagsisikap na bisitahin ang tirahan at mag-iwan, o gumawa ng mga kaayusan para ilagay sa isang kapansin-pansing lokasyon, ng abiso ng nalalapit na pagputol ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad sa ari-arian na magbibigay din ng kopya ng Patakarang ito na kinakailangan ng Batas sa Proteksyon mula sa Pagputol ng Tubig.

4. Huling Araw ng Pagdiskonekta:

   Ang lahat ng hindi nabayarang singil sa serbisyo ng tubig at kaugnay na bayarin kabilang ang mga singil sa muling pagkonekta ay dapat matanggap ng Serbisyo ng Lungsod bago mag-5:00 p.m. sa araw na tinukoy sa abiso sa pagdiskonekta.

IV. PAGPAPABALIK/PAGKOKONEKTA MULI NG SERBISYO NG TUBIG SA TAHANAN

Alinsunod sa Seksyon 116912 ng CHSC, ang isang Serbisyo ng Lungsod na nagpapahinto ng serbisyo sa tahanan dahil sa hindi pagbabayad ay magbibigay sa customer ng impormasyon kung paano maibabalik ang serbisyo sa tahanan.

A. Pagkokonekta Muli ng Serbisyo sa Oras ng Negosyo

Para pasimulang muli o maipagpatuloy ang naputol na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad, kailangang magbayad ang customer ng bayad para sa muling pagkonekta. Magsusumikap ang Serbisyo ng Lungsod na maibalik ang serbisyo sa lalong madaling panahon ngunit, sa minimum, ay ibabalik ang serbisyo bago matapos ang susunod na regular na araw ng negosyo kasunod ng pagbabayad ng lahat ng naaangkop na natitirang bayarin na naiuugnay sa pagputol ng serbisyo. Maaaring mapatawan ng multa o karagdagang bayarin ang sinumang tao maliban sa mga tauhan ng Serbisyo ng Lungsod na magkokonekta muli sa serbisyo sa tubig. Responsibilidad ng customer ang anumang pinsalang mangyayari bilang resulta ng hindi awtorisadong pagpapanumbalik ng serbisyo.

B. Pagkokonekta Muli ng Serbisyo Pagkatapos ng Oras ng Negosyo

Ang mga kahilingan para sa muling pagkonekta sa parehong araw na natanggap 30 minuto bago, o ginawa pagkatapos, ang pagsasara ng mga oras ng negosyo ng Dibisyon ng mga

Serbisyo sa

Utility ay magreresulta sa muling pagkonekta pagkatapos ng oras ng negosyo. Makikita ang mga oras ng negosyo para sa Dibisyon ng mga Serbisyong Utilidad sa likod ng Bill sa Mga Serbisyong Utilidad at sa website ng Lungsod ng Fullerton. Ang serbisyong naibalik pagkatapos ng oras ng negosyo, mga araw ng pagsasara ng City Hall tuwing Biyernes, katapusan ng linggo, o mga holiday ay sisingilin ng bayad para sa muling pagkonekta pagkatapos ng oras ng negosyo. Dapat makipag-ugnayan ang customer sa Dibisyon ng mga Serbisyong Utilidad ng Lungsod bago mag-10:00 a.m. sa susunod na araw ng negosyo para bayaran ang lahat ng naaangkop na hindi pa nababayarang singil. Ang bayad para sa muling pagkonekta pagkatapos ng oras ng negosyo ay bilang karagdagan sa regular na utility bill, mga singil sa pagkaantala, bayad sa pag-post, at anumang iba pang kaugnay na bayarin para sa mga account na lampas sa takdang panahon ng pagbabayad.
Hindi pinapahintulutang mangolekta ng bayad ang mga tauhan ng mga Pampublikong Gawain ng Lungsod na tumutugon sa mga tawag sa serbisyo. Kung hindi magbabayad ang customer bago mag-10:00 a.m. sa susunod na araw ng negosyo, maaaring putulin ang serbisyo ng tubig nang walang karagdagang abiso at muling ikokonekta lang pagkatapos mabayaran ang lahat ng naaangkop na natitirang bayarin.

V. MGA SAMBAHAYAN NA MAY KITA NA MAS MABABA SA 200 PORSYENTO NG PEDERAL NA ANTAS NG KAHIRAPAN

Ilalapat ang mga sumusunod sa mga customer sa tahanan na nagpapakita ng kita ng sambahayan na mas mababa sa dalawang daang porsyento (200%) ng pederal na antas ng kahirapan:

- Magkakaroon ng mga bayarin para sa muling pagkonekta na itatakda sa Iskedyul ng Bayarin para sa mga Pampublikong Gawain at hindi ito lalampas sa mga limitasyong itinakda sa SB 998.

- Iwe-waive ng Serbisyo ng Lungsod ang mga interes/singil sa pagkaantala sa mga hindi nabayarang bill nang isang beses kada labindalawang (12) buwan.

Ituturing ng Serbisyo ng Lungsod ang isang customer na may kita sa sambahayan na mas mababa sa dalawandaang porsyento (200%) ng pederal na antas ng kahirapan kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Programa sa Karagdagang Kita sa Seguridad/Karagdagang Pagbabayad ng Estado, o Espesyal na Programa sa Karagdagang Nutrisyon para sa mga Kababaihan, Sanggol, at Bata ng California, o kung idinedeklara ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa dalawandaang porsyento (200%) ng pederal na antas ng kahirapan.

VI. PAMAMARAAN SA PAGTUTOL O PAG-APELA SA MGA SINGIL SA TUBIG SA ISANG UTILITY BILL

Naaalinsunod ang pamamaraan para sa pagtutol o pag-apela sa isang bayarin sa Mga Panuntunan at Regulasyon sa Mga Rate ng Tubig.

VII. PATAKARAN SA IBA PANG WIKA

Alinsunod sa Seksyon 116906(a) ng CHSC, available ang nakasulat na patakarang ito sa Ingles, Espanyol, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Korean, at anumang iba pang wika na sinasalita ng hindi bababa sa sampung porsyento (10%) ng mga taong naninirahan sa lugar ng serbisyo nito. Makikita ang mga isinaling kopya ng patakaran sa website ng Lungsod sa www.cityoffullerton.com at kapag hiniling sa pamamagitan ng pagtawag sa Dibisyon ng mga Serbisyong Utilidad ng Lungsod sa 714-738-6890 o pag-email sa UtilityBilling@cityoffullerton.com.